# LITURHIYA PARA SA KAPISTAHAN NG BANAL NA SANGGOL

Lektor: Tatayo po ang lahat.
(*Sisindihan ang kandila ng namumuno sa panalangin. Habang sinisindihan ang kandila, sasabihin ng lektor ang mga sumusunod:*)

Ang pagsisindi ng kandila ay sagisag ng ating patuloy na pag-aalay ng panalagin para sa ating mga sarili at sa iba't-ibang pangangailangan ng sanlibutan. Sa pamamagitan ng pagsisindi ng ilaw ay atin ding hinihiling na nawa'y pangunahan tayo ng Poong Santo Nino na Siyang tunay nating ilaw para sa kaliwanagan, katotohanan, at kaganapan ng buhay.

PANIMULANG AWIT (o himig): (*Aawitin ang panimulang awit*.)

BAYAN: POONG SANTO NINO

Poong Santo Nino na maawain
Itong alay namin sa Iyo'y panalangin
Nang kaming lahat ay lumigaya
Narito sa Simbahan ng Pilipino.

Ikaw ang Panginoon ng daigdigan
Ang kapangyarihan sa kamay Mo ay tangan
Ang aming pagdaing sana'y pakinggan
Iligtas Mo sa sakuna ang aming bayan.

Banal na Poong Sanggol ay alalayan
Ang madlang pagdusa tigib ng kasalanan
Naninikluhod kami't pinagsisisihan.
Upang iligtas Mo sa kasawian.

ANG PAGSISISI (*Luluhod ang lahat*.)

PARI: Sa Ngalan ng Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo. Amen.

LAHAT: Panginoon kong Hesukristo, Diyos na totoo at tao namang totoo, aming Mananakop: pinagsisisihan naming lubos ang aming mga pagkakasala sa Iyo na makapangyarihang Tagapagligtas.

Patawarin Mo po kami at tulungang makapagpanimulang muli. Umaasa kaming patuloy Mo kaming gagabayan at aalalayan; bibigyan ng kalakasan sa gitna ng kahinaan at ng Iyong ipagsanggalan sa gitna ng kapahamakan. Amen.

## PANALANGIN NG PAGBATI

LAHAT: O Banal na Sanggol, masdan Mo kami ngayon sa Iyong harapan na nagpupuri sa Iyo at humihiling ng Iyong pagpapala. Sumasampalataya kami sa Iyong kabanalan at sa Iyong walang-hanggang awa.

Ikaw O Panginoong Hesus ang nagsabi na ang sinumang humihingi ay bibigyan, ang sinumang humahanap ay makasusumpong, at ang sinumang kumakatok ay bubuksan ng pinto; ngayon ay buong kapakumbabaang kaming dumudulog sa pinto ng Iyong awa. Turuan Mo po kaming maituwid ang aming buhay nang maging karapatdapat sa Iyong kabutihan.

Huwag Mo nawang talikdan O Banal na Sanggol ang aming pagsamo at ito'y Iyong dinggin kung nauukol din lamang sa kaluwalhatian ng Diyos at kagalingan ng aming kaluluwa. Amen.

O Banal na Sanggol, maawa ka sa amin.
O Banal na Sanggol, maawa ka sa amin.
O Banal na Sanggol, maawa ka sa amin.

(*Tatayo ang pari at sasabihin.*)

PARI: Kaawaan tayong lahat ng Makapangyarihang Diyos: patawarin tayo sa ating mga kasalanan; patnubayan at pangalagaan tayong ligtas; at dalhin sa buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Hesukristong ating Panginoon na nabubuhay at naghaharing kasama Ninyo at ng Espiritu Santo, Iisang Diyos ngayon at magpakailanman.

LAHAT: ANG LUWALHATI (*Aawitin ang Luwalhati.*)

## ANG LITURHIYA NG BANAL NA SALITA

MGA NAKATAKDANG PAGBASA: Unang Pagbasa, Awit Tugunan, Ikalawang Pagbasa, at Ebanghelyo

ANG PAMAMAHAYAG (Homilya o Sermon) (*Uupo ang lahat.*)

ANG PANALANGIN NG PAGSAMO SA POONG HESUS (*Luluhod ang lahat*.)

LAHAT: O Panginoong Hesus, ang Iyong Banal na Salita ang naghayag na ang bawat tuhod ay magtitiklop at bawat dila ay magpupuri sa Iyong Pangalan. Ikaw na Siyang luwalhati ng Diyos Ama, ipagkaloob Mo sa aming pamimintuho sa Iyong Banal na Pangalan dito sa lupa ay humantong na makapiling Kayo sa kalangitan.

Isinasamo namin sa Iyo, Maawaing Hesus, na pagpalain ang lahat ng mga nilikha upang makapagpatuloy sila sa pagdakila sa Iyo, makapagbigay-lugod sa Ama, at makapagpuri sa Espiritu Santo. Nawa'y ang lahat ng aming mga gawain ay maisakatuparan sa Iyong Pangalan at maging landas namin sa kaligtasang walang hanggan.

O Makapangyarihang Hesus, Ikaw na sumakop sa amin at muling nagbukas ng pinto sa langit, mangyaring ilawit mo ang Iyong pagkasi at pagkaawa upang ang aming pagtitiis na aming binabata rito sa lupa ay pakinabangan namin sa kabilang buhay, at ang Iyong Banal na Ngalan ang maging gabay at lakas namin sa pagtupad ng aming tungkulin sa Diyos, sa aming sarili, at sa aming kapuwa. Amen.

(*Mag-alay nang saglit na katahimikan at sabihin ang ating kahilingan sa ating Tagapagligtas.*)

LAHAT: O Hesus, sambahin namin ang Iyong Ngalan.
O Hesus, sambahin namin ang Iyong Ngalan.
O Hesus, sambahin namin ang Iyong Ngalan.

ANG DALIT SA KAPURIHAN NG POONG SANTO NINO

LEKTOR: Sanggol na mula sa langit, taglay ang tunay na pag-ibig,

TUGON: KAAWAAN MO KAMI, MAHAL NA SANTO NINO.

LEKTOR: Anak ka man ng Diyos at Nilikhang mapagkumbaba, nakunan Kang halimbawa; Ikaw'y isinilang na aba sa kwadrang walang gara, sa dayami nahiga.

TUGON: KAAWAAN MO KAMI, MAHAL NA SANTO NINO.

LEKTOR: Sa gitna ng kadiliman na Iyong sinilangan, ganda Mo'y nagniningning na pumawi ng kalumbayan; at hinga Mo'y samyo namang nagbigay sigla sa buhay.

TUGON: KAAWAAN MO KAMI, MAHAL NA SANTO NINO.

LEKTOR: Nang ang Iyong pagsilang sa sabsaba'y ibinalita ng Anghel, mga Pastol ay nagsirating; matapos Kang mamasdan, sila'y lumuhod at nanalangin nang taimtim.

TUGON: KAAWAAN MO KAMI, MAHAL NA SANTO NINO.

LEKTOR: Pagkaraan ng ilang araw, mga Pantas yaong bansag ang nagsidalaw. Isang Tala

sa kanila'y tumanglaw sa landas tungo sa sinilangan ng Mesiyas.

TUGON KAAWAAN MO KAMI, MAHAL NA SANTO NINO.

LEKTOR: At sila'y nagsipaghandog: GINTO, kahuluga'y yama't kapangyarihan; KAMANYANG, awang tunay na dalisay; MIRA, kapighatian sa pagsakop Mo sa sanlibutan.

TUGON: KAAWAAN MO KAMI, MAHAL NA SANTO NINO.

LEKTOR: Gayunpaman, Ikaw'y nagpakumbaba at nagpakabuti sa Iyong kapuwa; kalaro Mong mga bata sa katalinuhan Mo'y dukha.

TUGON: KAAWAAN MO KAMI, MAHAL NA SANTO NINO.

LEKTOR: At nang Ikaw ay nagtungo sa Templo-Herusalem, Ikaw'y nakitunggali sa marurunong na tao; lalong hinangaan taglay Mong talino.

TUGON: KAAWAAN MO KAMI, MAHAL NA SANTO NINO.

LEKTOR: Lalo ka ngang napabantog sa aral Mong isinabog, na umakay sa sansinukob. Dilim pa ri'y di natapos, kaya't hirap Mo'y naging lubos na nagbigay-lugod sa Diyos.

TUGON: KAAWAAN MO KAMI, MAHAL NA SANTO NINO.

LEKTOR: Sanggol mula sa langit, naging tao dahil sa pag-ibig. Ang hiling ko'y Siyang nais: magtagumpay sa panganib, gayun din sa ligalig nasa mundo'y tumitigib.

TUGON: KAAWAAN MO KAMI, MAHAL NA SANTO NINO.

## ANG PANGWAKAS NA PANALANGIN

PARI: O Masintahing Nino Hesus, Ikaw na dinala ni Birheng Maria sa kanyang sinapupunan at nanahan sa gitna namin upang ihatid kaming lahat sa Kaharian ng Langit: tanglawan Mo ang aming pag-iisip at palakasin Mo ang aming kalooban upang ang Iyong katotohanan ay aming maipalaganap bilang tanda nang aming pangako na manatiling tapat Mong tagapaglingkod.

Gayun din naman, nawa'y punuin Mo kami ng biyaya upang maipamahagi namin sa mga ibang nangangailangan, at nang kami'y maging karapatdapat sa Iyong salita na nagpapatunay na: "Dahil dito'y makikilala kayo ng mga tao na kayo'y aking mga alagad, kung nag-iibigan kayo sa isa't-isa."

Nagpapasalamat din kami sa Iyo, O Panginoon, sa lahat ng mga pagpapalang ipinagkaloob Mo sa aming kaluluwa at katawan, gayun din sa aming pananampalatayang nagbubuklod sa amin at inaaring kayamanan.  Nawa'y pagsumikapan naming tuparin ang mga iniatas Mo sa amin at manatili kaming matapat sa Iyong pagmamahal.

PARI: O Banal na Sanggol,

TUGON: MAAWA KA SA AMIN.

PARI: O Maria, aming Ina,

TUGON: IPANALANGIN MO KAMI.

PARI: O Patriarkang San Jose,

TUGON: IPANALANGIN MO KAMI.

(*Tatayo ang lahat, at magpapatuloy sa "Kapayapaan" ng Banal na Misa*.)